# Paglilinis at Pag-iisterilisa ng Kagamitan sa Pagpapakain


## Pagpapanatili na Malinis ang Lahat

Lahat ng kagamitan na ginagamit mo para sa pagpapakain ng iyong sanggol ay dapat na panatilihing malinis.

Ang mga pambomba ng suso ay dapat linisin ayon sa mga tagubilin ng tagapagmanupaktura. Lahat ng iba pa - kabilang ang mga artipisyal na utong, mga singsing, mga takip, disc, mga panukat na tasa, mga pambukas ng de lata, mga lalagyang imbakan at mga sipit - ay maaaring linisin at disimpektahin lamang sa iyong kusina.

### ALAM MO BA

Ang mga dishwasher ay hindi inirerekomenda para sa pagdidisimpekta ng kagamitan sa pagpapakain ng sanggol.



### PAANO

**Linisin at disimpektahin ang kagamitan sa pagpapakain ng sanggol**

**Una – linisin lahat:**

1. Hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at maligamgam na tubig.
2. Hugasan ang lababo gamit ang isang malinis na tuwalyang pangkusina, sabon at maligamgam na tubig.
3. Disimpektahin ang kawnter sa pamamagitan ng paghahalo ng 1 kutsarita (5 ML) ng pampaputi na may 3 tasa (750 ML) ng tubig sa isang may etiketang botelyang pangwisik. Wisikan ang kawnter at punasan ng isang malinis na tuwalya.
4. Punuin ang lababo ng mainit, masabong tubig.
5. Hugasan lahat ng kagamitan sa pagpapakain ng sanggol.
6. Kuskusin ang loob ng mga lalagyan at artipisyal na mga utong gamit ang isang malinis na sipilyo ng bote.
7. Banlawan lahat ng mainit na tubig at iayos ito sa isang malinis na tuwalya.

**Pagkatapos - ay disimpektahin lahat:**

1. Punuin ang isang malaking kaldero ng tubig. Idagdag ang malinis na mga bagay. Siguraduhin na ang lahat ay natatakpan ng tubig at walang mga bulsa ng hangin.
2. Pakuluin ang tubig. Hayaan itong kumulo, ng walang takip, sa loob ng 2 minuto.
3. Kuhanin ang mga pansipit. Sa oras na lumamig na, gamitin ang mga ito upang alisin ang iba pang mga bagay.
4. Iayos lahat sa isang malinis na tuwalya upang patuyuin sa hangin.
5. Kapag natuyo na, gamitin kaagad ang mga bagay. O itago ang mga ito sa isang malinis na plastik na supot o sa isang malinis, tuyong tuwalya na natatakpan ng isa pang malinis na tuwalya.

Kung gumagamit ka ng pandisimpekta o pang-isterilisa na binili sa tindahan, sundin ang mga tagubilin ng gumawa.